

I-check ang minimum na sahod!

Para sa kumpanya,
para sa empleyado,
para sa isa't isa.

Patakaran ito para sa
lahat ng mga
nagtatrabaho tulad
ng empleyado sa
kumpanya, part-timer,
may *arubaito*, estudyante
atbp., at mga employer!

Ang minimum na sahod sa Kyoto

Mula
Oktubre 6,
2023

per hour

¥1,008

kumpara sa
nakaraang taon

¥40
PLUS

タガログ語版

Sistema ang minimum na sahod na gumagarantiya ng minimum na halaga ng sahod sa lahat ng mga nagtatrabaho.

Tingnan
online!

Website
tungkol
sa minimum
na sahod



(wikang Hapon lang):

最低賃金制度

検索

Kapag may tanong kaugnay sa
minimum na sahod, makipag-ugnayan
sa Kyoto Labour Bureau o sa
pinakamalapit na Labour Standards
Inspection Office.



京都労働局

検索

Page para sa
pagtaas ng sahod

(wikang Hapon lang):

Naka-post rito ang mga hakbang
sa suporta para sa pagtaas ng sahod atbp.

賃金引上げ特設ページ

検索

Sa mga may-ari ng small at
medium-sized na negosyo

業務改善
助成金

Maximum na
6 million yen
na tulong



Ministry of Health,
Labour and Welfare

Ang "sistema ng minimum na sahod" ay sistemang gumagarantiya ng minimum na halaga ng sahod (halaga ng minimum na sahod) para sa lahat ng mga nagtatrabaho!

Nasasaklaw rito ang lahat ng manggagawa kahit may pagkakaiba sa edad o work style tulad ng part-timer, estudyanteng may *arubaito* atbp.



Paano ito macheck? |

Gawing per hour ang nais i-check na sahod, at ihambing ito sa minimum na sahod (per hour)!^(*)

Paghahambing sa halaga ng minimum na sahod Isulat ang iyong sahod at halaga ng minimum na sahod sa kinauukulang prefecture.^(**)

| | | | | | |
|----------|---|---|---|---|---|
| 1 | Kung per hour na suweldo | Per hour na suweldo ¥ | ≥ | Minimum na sahod (per hour) ¥ | |
| 2 | Kung per day na suweldo | Per day na suweldo ¥ | ÷ | Average na naka-schedule na oras ng trabaho sa isang araw oras | = Halaga per hour ¥ ≥ Halaga ng minimum na sahod (per hour) ¥ |
| 3 | Kung per month na suweldo | Per month na suweldo ¥ | ÷ | Average na naka-schedule na oras ng trabaho sa isang buwan oras | = Halaga per hour ¥ ≥ Halaga ng minimum na sahod (per hour) ¥ |
| 4 | Kung kombinasyon ng nakasulat sa itaas na 1, 2, 3 | Halimbawa, kung per day ang batayang suweldo at per month ang mga allowance (tulad ng duty allowance atbp.) | | <ul style="list-style-type: none"> ① Batayang suweldo (per day) → Ikalkula ang halaga per hour gamit ang kalkulasyon sa 2 ② Mga allowance (per month) → Ikalkula ang halaga per hour gamit ang kalkulasyon sa 3 ③ Total ng ① + ② ≥ halaga ng minimum na sahod (per hour) | |

(*1) Hindi isinasama ang mga sumusunod na sahod sa paghahambing sa halaga ng minimum na sahod.

① Sahod na ibinabayad sa bukod-tanging pagkakataon (marriage allowance atbp.) ② Sahod para sa panahong lampas sa isang buwan (bonus atbp.) ③ Sahod na ibinabayad para sa trabaho sa oras na lampas sa naka-schedule na oras ng trabaho (dagdag na sahod para sa overtime atbp.) ④ Sahod na ibinabayad para sa trabaho sa araw na hindi naka-schedule na araw ng trabaho (dagdag na sahod para sa trabaho sa day off atbp.) ⑤ Bahaging lampas sa halaga ng pagkalkula ng sahod para sa normal na oras ng trabaho, mula sa sahod na ibinabayad para sa trabaho mula 10 pm hanggang 5 am (dagdag na sahod para sa trabahong panggabi atbp.) ⑥ Perfect attendance allowance, commuting allowance at family allowance

(*2) Makipag-ugnayan sa Labour Bureau o sa pinakamalapit na Labour Standards Inspection Office para sa higit pang detalye sa pagkalkula tulad ng paraan ng pagkalkula kung suweldong batay sa komisyon atbp.

Mga employer at manggagawa rin, siguraduhing i-check ang minimum na sahod.



Tingnan ang minimum na sahod sa sariling rehiyon sa smartphone o cellphone! (wikang Hapon lang)

Sa mga may-ari ng small at medium-sized na negosyo

Huwag mag-atubiling gamitin ang subsidyong sumusuporta para sa pagtaas ng sahod.

業務改善助成金

Maximum na 6 million yen na tulong

Call Center ng Subsidyo para sa Pagpapabuti ng Business Performance



0120-366-440

Dito para sa mga detalye (wikang Hapon lang)

業務改善助成金

検索



"Subsidyo para sa Pagpapabuti ng Business Performance"

Ang "Subsidyo para sa Pagpapabuti ng Business Performance" ay subsidyong sumusuporta sa mga may-ari ng small at medium-sized na negosyo na naglalayong iangat ang kanilang productivity at itaas ang "pinakamababang sahod sa loob ng lugar ng negosyo (minimum na sahod sa loob ng lugar ng negosyo)". Kung nag-invest sa mga kasangkapan atbp., may subsidyo para sa bahagi ng gastusing iyon ayon sa mga kondisyon para sa pagbibigay.

Mga kondisyon para sa pagbibigay

1



Pagtaas ng minimum na sahod sa loob ng lugar ng negosyo

2



Pagbabayad ng itinaas na halaga ng sahod

3



Pagsisimula ng paggamit ng mga makina, kasangkapan at iba pang makakaambag sa pag-angat ng productivity

4



Walang kadahilanan para hindi ipagkaloob tulad ng pagtanggap sa trabaho, pagbaba ng sahod atbp.

Subsidyo ng bahagi ng gastusing kinailangan sa pag-invest sa kasangkapan atbp.

I-check ang pangkalahatang-ideya sa video! (wikang Hapon lang.)



Daloy hanggang sa pagbibigay ng subsidyo

1



Isumite ang application form para sa pagkaloob, plano ng pagpapatupad ng proyekto atbp. sa pinakamalapit na Labour Bureau

Pagsusuri

2



Pagkatapos ng pagpasya sa pagkaloob, ipatupad ang proyekto ayon sa isinuniteng plano

3



Isumite ang report para sa resulta ng pagpapatupad at application form para sa pagbibigay sa Labour Bureau

Pagsusuri

4



Pagbibigay

I-check ang mga pamamaraan sa video! (wikang Hapon lang.)



Nagsasagawa ng libreng konsultasyon sa eksperto

Kung may inaalala tungkol sa pagtaas ng sahod, kumonsulta sa Center ng Suporta sa Pagsulong ng Reporma sa Work Style.

Dito para sa mga detalye (wikang Hapon lang)

働き方改革推進支援センター

検索

Pinansyal na suporta sa pagsulong ng reporma sa work style

Ang Japan Finance Corporation ay naglalaan ng mga pautang para sa mga kasangkapan at sa operasyon sa mga nagsisikap sa pagtaas ng minimum na sahod sa loob ng lugar ng negosyo.

Dito para sa mga detalye (wikang Hapon lang)

働き方改革推進支援資金

検索

リサイクル適性 (A)

この印刷物は、印刷用の紙へリサイクルできます。